



## ***Narito Ako, O Diyos!***



*(Pambungad na Panalangin)*

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

**UNANG PAGBASA** (Exo. 3:1-8a. 13-15)

<sup>1</sup>NOONG mga araw na iyon, si Moises ang nag-aalaga sa kawan ng biyenan niyang si Jetro. Minsan, itinaboy niya ang kawan pagbagtas ng disyerto at nakarating siya sa Horeb, sa Bundok ng Diyos. <sup>2</sup>Doon, ang anghel ng Panginoon ay napakita sa kanya, parang ningas sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Kitang-kita ni Moises na nagliliyab ito nguni't hindi nasusunog. <sup>3</sup>Kaya't nasabi niya sa kanyang sarili, "Kataka-taka ito! Tingnan ko ngang mabuti kung bakit di nasusunog gayong nagliliyab."

<sup>4</sup>Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ng Panginoon buhat sa nagliliyab na punongkahoy, "Moises, Moises."

"Ano po iyon?" sagot niya.

<sup>5</sup>Sinabi ng Diyos, "Huwag kang lumapit. Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na dako ang kinatatayuan mo. <sup>6</sup>Ako ang Diyos ng iyong mga magulang—nina Abraham, Isaac at Jacob." Tinakpan ni Moises ang kanyang mukha pagkat natatakot siyang tumingin sa Diyos.

<sup>7</sup>Sinabi sa kanya ng Panginoon, "**Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan. Alam ko ang hirap nilang tinitiiis at narinig ko ang kanilang daing.**

**<sup>8</sup>Kaya, bumaba ako upang sila'y iligtas, ialis sa Egipto at ihatid sa lupaing mayaman, malawak at sagana sa lahat ng bagay.**

<sup>13</sup>Sinabi ni Moises, "Pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang ako'y sinugo ng Diyos ng aming ninuno. Ngunit ano po ang sasabihin ko kung itanong nila kung sino ang nagsugo sa akin?"

<sup>14</sup>Sinabi ng Diyos, "Ako'y si Ako Nga. Sabihin mong sinugo ka ni Ako Nga, ang Panginoon, ng Diyos ng inyong mga ninuno, ng Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob. <sup>15</sup>At ito ang pangalang itatawag nila sa akin magpakailanman. Ito rin ang pag-alala sa akin ng lahat ng salinlahi."

Tema: **Ang Kalayaan ng Bayan ng Israel**

## PAGPAPALIWANAG

- Nagpakita ang Diyos kay Moises. Nagpakita ang Diyos sa anyong nagliliyab na punong-kahoy (para makuha ang kanyang atensyon, si Moises ay abala sa pagpapastol ng kawan ng kanyang biyenan). Nagsalita ang Diyos. Tinawag Niya ang pangalan ni Moises.
- Pinasunod ng Diyos si Moises. Tinangka ni Moises na pasunurin ang Diyos, ngunit alam ng Diyos kung ano ang dapat.
- Ipinakita ng Diyos na Siya ang Diyos ng kanilang mga ninuno. Mas mainam na ipakilala at maalala ang Diyos kung iiugnay Siya sa kanilang mga ninuno, sa kanilang kasaysayan.
- Ipinahayag ng Diyos kay Moises ang kanyang pag-aalala: ang paghihirap ng kanyang bayan at ang kanyang planong palayain sila. At ngayon, ipinahayag ng Diyos kay Moises kung ano ang dapat niyang gawin sa mga Israelitang inaapi.
- Papalayain sila ng Diyos, papalayain sa pang-aalipin ng Egipto, mula sa mga mapang-alipin. Isinugo ng Diyos si Moises upang kausapin ang mga Israelita at ipakiusap sa Faraon ang kanilang paglaya (wala sa teksto).

## PAGNINILAY

Dumarating ang Diyos sa ating piling, ano mang panahon, saan mang lugar.

**SALMONG TUGUNAN (Slm 102)**  
**ANG ATING MAHABAGING D'YOS**  
**AY NAGMAMAGANDANG-LOOB.**

**IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 10: 1-6, 10-12)**

### *Ang Bayang Naglalakbay*

<sup>1</sup>Ibig kong malaman ninyo ang nangyari sa ating mga ninuno na sumunod kay Moises. Silang lahat ay naliliman ng ulap sa kanilang

paglalakbay, at tumawid sa Dagat na Pula. <sup>2</sup>Sa gayon, nabinyagan silang lahat sa ulap at sa dagat bilang tagasunod ni Moises. <sup>3</sup>Kumain silang lahat ng iisang pagkaing espirituwal <sup>4</sup>at uminom din ng iisang inuming espirituwal, mula sa Batong espirituwal na sumubaybay sa kanila, at ang Batong iyon ay si Kristo. <sup>5</sup>Gayunman, **hindi kinalugdan ng Diyos** ang marami sa kanila, kaya't nagkalat sa ilang ang kanilang mga buto.

<sup>6</sup>Ang mga nangyaring ito'y babala sa atin upang huwag tayong magnasa ng mga masa-samang bagay, gaya ng ginawa nila. <sup>10</sup>Huwag din tayong magreklamo, tulad ng ilan sa kanila, kaya't nilipol sila ng Anghel na Mamumuksa.

***Binabalaan ang mga Taga-Corinto na hindi magreklamo***

<sup>11</sup>Nangyari ito sa kanila bilang babala sa iba, at nasulat upang turuan tayong mga inabot ng huling panahon.

<sup>12</sup>Kaya nga, mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya mabuwal.

Tema: **Ang Maging Kaaya-aya sa Diyos**

## PAGNINILAY

Katulad ng paglalakbay ng bayang Israel sa ilang, hinihikayat tayo na sumunod sa batas ng Diyos ay hindi maging palalo na iniligtas na tayo ng Diyos at hindi nakikita sa ating mga gawa ang pagiging bayang iniligtas ng Diyos.

**MABUTING BALITA (Lc 13:1-9)**

DUMATING noon ang ilang tao at ibinalita kay Hesus na ipinapatay ni Pilato ang ilang Galileo samantalang ang mga ito'y naghahandog sa Diyos. <sup>2</sup>Sinabi niya sa kanila, “Akala ba ninyo, higit na makasalanan ang mga Galileong ito kaysa ibang mga taga-Galilea dahil sa gayon ang sinapit nila? <sup>3</sup>Hindi!

Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo **pinagsisihan** at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat. <sup>4</sup>At ang labingwalong namatay nang mabagsakan ng tore sa Siloe—sa akala ba ninyo’y higit silang makasalanan kaysa ibang naninirahan sa Jerusalem? <sup>5</sup>Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat.”

<sup>6</sup>Sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito: “May isang tao na may puno ng igos sa kanyang ubasan. Minsan, tiningnan niya kung may bunga ito, nguni’t wala siyang nakita. Kaya’t <sup>7</sup>sinabi niya sa tagapag-alaga ng ubasan, ‘Tatlong taon na akong pumaparito at naghahanap ng bunga sa punong ito, ngunit wala akong makita. Putulin mo na! Nakasisikip lang iyan!’ <sup>8</sup>Ngunit sumagot ang tagapag-alaga, ‘Huwag po muna nating putulin sa taong ito. Huhukayan ko ang palibot at lalagyan ng pataba. <sup>9</sup>Kung mamunga po ito sa darating na taon, mabuti; nguni’t kung hindi, putulin na natin!’”

Tema: **Pagbabalik-loob**

### PAGPAPALIWANAG

- Ang tinutukoy sa dalawang istorya na may kani-kaniyang kahulugan ay ang pagbibigay sa atin ng babala. Pagbabalik-loob ang punto. Kung hindi tayo magbabalik-loob (pagbabago), mararanasan na naman natin ang mga nangyari dati. Magiging katulad natin ang mga dumaranas ng kahirapan. Maghihirap din tayo.
- Ang talinghaga ng puno ng igos ay isang halimbawa kung papaanong ang Diyos ay determinado na putulin ang mga punong hindi namumunga. Ngunit dahil sa pakiusap ng tapat na tagapamahala, binibigyan tayo

ng maraming pagkakataon. Matapos gawin ang lahat (pagbubungkal ng lupa, atbp.) at ang puno ay hindi pa rin namunga, wala na itong saysay para mabuhay pa.

## II. PAG-UUGNAY

Mapapasaya natin ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa Kanyang mga gawa, sa Kanyang pakikipag-uganayan sa atin. (Unang Pagbasa)

Mapapasaya natin ang Diyos sa pamamagitan ng pag-alaala sa karanasan ng mga Israelita na naglakbay sa ilang [disyerto], at hindi paggawa muli ng kanilang mga kamalian. (Ikalawang Pagbasa)

Mapapasaya natin ang Diyos sa pamamagitan ng pagbabalik-loob, sa pamamagitan ng pagiging kapaki-pakinabang. (Mabuting Balita)

## III. SALAMIN NG BUHAY






1. Sa ating mga pamilya, simbahan, pamayanan, ang hangarin natin ay maging kaaya aya sa paningin ng Diyos. Paano ba nation ito maipatupad sa panahon ng fake news?

- Sa Eukaristiya, nagpapasalamat tayo sa Diyos sa pagbibigay Niya kay Hesus na siyang pinakaaya-aya sa Kanya. Nagbibigay ba ng lakas sa ating hangarin na maging kaaya-aya sa Diyos ang Eukaristiya? Paano?

- *Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM*  
-Isinalin ni Nov. Jaypee A. Peña

(Pangwakas na Panalangin)

## Mga Bagong Libro ng ST PAULS



### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at mapasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)